

Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay na lumalabas kada unang linggo ng buwan.
Tumawag sa opisina kung may katanungan, at iba pa tungkol dito.

FOR INQUIRIES: Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA)

☎048-963-9114, City Hall Main Building – 3F
Community Activity Support Section



Website 🎵



Instagram 🎵



Happy New Year! Manigong Bagong Taon! 🐉 🐉 🐉

CONSULTATION SERVICES PARA SA MGA FOREIGN RESIDENTS (LIBRE)

1	SAAN	Koshigaya City Hall, Main Building 3F ☎048-963-9114 Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA)	
	ISKEDYUL	9:00am~4:30pm, Lunes – Biyernes *Maliban kung nagkataong holiday.	
	LANGUAGE SUPPORT, ATBP.	English, Chinese, Filipino, Vietnamese, Japanese *Pwedeng kumonsulta kaugnay sa mga gagawing pag-proseso sa city hall, pag-aaral ng Japanese, paninirahan sa Koshigaya o Japan, at iba pa.	

2	SAAN	Community Activity Support Center, Koshigaya Twin City B-City 5F	
	ISKEDYUL	General Consultation: 10:00am~4:30pm, Araw-araw *Maliban sa Disyembre 29 – Enero 3 Special Consultation (Abogado, atbp): ✓ 3 rd Wednesday, Visa related consultation ✓ 4 th Wednesday, Legal Consultation	 📄 Resebasyon
	LANGUAGE SUPPORT, ATBP.	English, Chinese, Japanese *Basahin ang QR code kung gustong makipag-ugnayan sa consultation counter at kung magpa reserba lalo na sa special consultation, atbp.	

NOW HIRING – COORDINATOR FOR INTERNATIONAL RELATIONS

Ang Koshigaya ay naghahanap ng Coordinator for International Relations (CIR) na pwedeng makapag trabaho simula Abril 2026.

TRABABO: Translation/Interpretation (Japanese-English-Japanese), at mga responsibilidad kaugnay sa pagtaguyod ng isang multikulturang pamayanan tulad ng pag-assist at pagtanggap ng konsultasyon mula sa dayuhang residente, at iba pa.

*Para sa detalye ng qualifications atbp. tingnan sa website ng Koshigaya. 🌐

ISKEDYUL NG TRABAHO: Lunes – Biyernes (9:00am – 5:00pm)

PAGTANGGAP NG APLIKASYON: Enero 5 – Febrero 6

*Direktang isumite ang aplikasyon sa opisina, o di kaya ipadala ang dokumento para sa aplikasyon *by postal mail*.

*Magkakaroon ng interview sa Pebrero 18 ang mga papasa sa screening ng dokumento.

IMPORMASYON: Community Activity Support Center (SHIMIN KATSUDO SHIEN SENTA)

☎048-963-9114, City Hall Main Building 3rd floor
〒343-8501 Koshigaya-shi, Koshigaya 4-2-1



KIMONO & TEA CEREMONY EXPERIENCE

Sumali na! Magkakaroon ng isang Japanese culture experience tulad ng pagsuot ng kimono (*furisode* para sa mga babae, *hakama* para sa mga lalaki), tea ceremony, tradisyunal na laro at iba pa. May ipamigay na individual photos ng participants na nagsusuot ng kimono pagkatapos ng event.

KAILAN: Pebrero 8 (Linggo), 1:00pm – 4:00pm (12:30pm magbubukas ang venue)

SAAN: Resona Youth Base (Saitama Resona Bank – Sengendai Branch, 3rd floor)

*3-minutong lalakaran mula sa Sengendai Station, west exit

MAGKANO ANG BAYAD PARA SA PAGSALI: ¥3,000

APLIKASYON: Basahin ang QR code at magpa register para sumali

IMPORMASYON: Inter-cultural Kosumo Koshigya, ☎090-3912-3597



Register

MULTILINGWAL NA SPEECH SHOW

Magkakaran ng speech show sa tema na “Pagmamahal” na pwedeng gagawin sa iba’t-ibang wika. Bawat presenter ay may 1 – 3 minuto para sa sariling speech. Isa itong pagkakataon na maipahayag ang iyong pagmamahal sa pamilya, kaibigan, kapwa at iba pa. Sumali na!

KAILAN: Pebrero 14 (Sabado), 1:00pm – 3:00pm

SAAN: Community Activity Support Center (Yayoicho 16-1 Koshigaya Twin City B-City 5F)

*Malapit sa Koshigaya Station East Exit

SINO ANG PWEDENG SUMALI: ✓Kahit sino (foreigners) na nag-aaral ng Japanese

✓Mga Japanese na nag-aaral ng ibang wika



MAGKANO ANG BAYAD: ¥0 (*May ipamigay na kaunting regalo para sa mga sasali.)

APLIKASYON: Tumawag o di kaya direktang magpunta sa opisina at magpalista

*Magkaroon ng rehearsal para sa mga gustong sumsali (10:00am) sa Pebrero 14.

*Kung gustong manood, magpunta ng direkta sa venue.

IMPORMASYON: Community Activity Support Center (SHIMIN KATSUDO SHIEN SENTA)

☎048-969-2750

PAALALA KAUGNAY SA PANINIGARILYO

Katulad ng ibang lugar, may ordinansa sa Koshigaya City kaugnay sa pagbabawal ng paninigarilyo sa mga publikong lugar – sa kalsada o daan, park at iba pang publikong lugar.

PARA SA MGA NANINIGARILYO, TANDAAN ANG MGA SUMUSUNOD:

- Bawal ang paninigarilyo habang naglalakad
- Bawal magtapon ng upos ng sigarilyo sa daan.
Magdala ng sariling *ashtray* at iba pa na pwedeng mapaglagyan ng abo at upos ng sigarilyo, atbp.

Ang amoy at usok ng sigarilyo ay nakaka disturbo at nagdudulot ng hindi maganda lalo na para sa mga hindi naninigarilyo.

Sundin ang tamang ugali at iba pa sa paninigarilyo.

Maraming salamat sa inyong kooperasyon!

IMPORMASYON: Resource Recycling Promotion Section (SHIGEN JUNKAN SUISHIN KA)

☎048-963-9181, City Hall Building 3 – 4th floor



MAGING HANDA SA PANAHOON NG EMERGENCY LALO NA SA PANAHOON NG LINDOL

Napakaraming lindol sa Japan at ang iba nito ay nagdulot ng malaking pinsala tulad sa nangyari noong Enero 1, 2024 sa Noto Peninsula. Hindi natin alam kung kailan, anong oras at kung gaano kalaki ang pinsala tuwing may lindol kaya siguraduhing maging handa sa mga ito.

IMPORTANTE!!

1. Siguraduhing naka-fix o hindi agad matutumba ang mga gamit sa bahay tuwing maglilindol
2. Siguraduhing may paraan sa pagkuha ng bagong impormasyon kung sakaling may lindol
3. Maghanda ng pagkain, inumin at iba pang kakailanganin tuwing may kalamidad tulad ng emergency o portable toilet, atbp.

Disaster Preparedness Guidebook



Japanese



English

IMPORMASYON: Crisis and Management Office (KIKI KANRI SHITSU), ☎048-963-9285
City Hall Main Building – 3rd floor

~Tomoni Aruko~



Illustrated by Saiinji-san

Ang magbabahagi ngayong buwan ng Enero ay si Ms. Zoe na tumira sa Koshigaya noong Oktobre. Siya ay delegate ng Staff Exchange Program na isa sa programa ng siter-city affiliation ng Koshigaya at Campbelltown Australia. Ang orihinal ng artikulong ito na nakasulat sa English ay pwedeng mabasa sa English Edition ng Koshigaya Messenger.

“Tag-init at Taglamig”

Sa buwan ng Enero, magkaiba ang panahon o klima ng Japan at Australia. Sa Japan ay winter season at maginaw o malamig ang hangin sa labas. Ang mga emergency services ay araw-araw na naghahanda para sa panahon na mag-snow at magkakaroon ng yelo sa mga kalsada dahil sa sobrang lamig. Ang mga sasakyan ng police ay handa sa pagpa-patrol na hindi lalamigin ang mga sakay nito. Ang mga bombero din ay palaging handa sa pagtugon ng sunog, lindol at iba pa. Maraming ospital o medikal na pasilidad na malapit at makapagbigay ng serbisyo. Laging handa ang mga ambulansya sa pagtugon ng anumang medical emergency.

Sa Australia ay summer season sa buwan ng Enero. Ang temperatura ay umabot ng 30 – 46 degrees Celsius. At dahil sa sobrang init, ang mga beaches, waterparks at iba pa ay puno ng tao. Sa mga ganitong lugar, ang mga police ay nakasakay sa kabayo habang magpa-patrol. Oo, sa kabayo! Mas nakakagalaw ng husto sa pagpa-patrol kapag nakasakay sa kabayo lalo ng sa mga lugar na puno ng tao. Dahil sa sobrang init, hindi rin maiwasan ang pagkakaroon ng bushfires. Sa mga panahong ito, ang mga bombero ay naka-helicopter atbp. sa pagpatay ng apoy. Sa mga lugar naman na napakalayo sa mga ospital, may Flying Doctor Service kung saan ang mga doktor ay nakasakay sa maliliit na eroplano na pwedeng magpunta sa mga probinsya na walang ospital at iba pa upang makapagbigay ng medikal na serbisyo.

Kahit saang bansa, pareho ang pagsisikap upang ang mamamayan ay maging *safe and secure* o ligtas araw-araw, magkaiba man ang paraan ng pagkamit nito.



JAPANESE LANGUAGE CLASSES CALENDAR – ENERO 2026

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
12/28	12/29	12/30	12/31	1 New Year	2	3
*May pasok lamang kung nakasulat sa kalendaryo ang pangalan ng grupo o organisasyon. *Ang venue sa klase ng Nihongo Circle sa Enero 14, 21 at 28 ay sa Community Activity Support Center.						
4	5	6	7	8	9	10
		☆Nihongo Circle		☆Nihongo de Go! (Minami Koshigaya Community Center)	☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai	
11	12 Coming of Age Day	13	14	15	16	17
		☆Nihongo Circle*		☆Nihongo de Go! (Coop Plaza Koshigaya)	☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku	
18	19	20	21	22	23	24
		☆Nihongo Circle* ☆Kosumo Nihongo Salon		☆Nihongo de Go! (Minami Koshigaya Community Center)	☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai	
25	26	27	28	29	30	31
		☆Nihongo Circle* ☆Kosumo Nihongo Salon		☆Nihongo de Go! (Coop Plaza Koshigaya)	☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku	

GRUPO/ORGANISASYON	KAILAN	SAAN AT PINAKAMALAPIT NA TRAIN STATION
NIHONGO CIRCLE 【 ¥ 100 PER LESSON 】 *Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)	Miyerkules 10:00am ~ 12:00noon	SAAN: Central Community Center 4F/5F (ADRES: Koshigaya 4-1-1) STATION: Koshigaya Station East Exit (7-min. walk) IMPORMASYON: ☎048-974-5642 (SHIRATA-SAN)
KOSUMO NIHONGO SALON 【 ¥ 100 PER LESSON 】	Miyerkules 7:00pm ~ 8:30pm	SAAN: Community Activity Support Center (ADRES: Koshigaya-shi Yayoico 16-1 Koshigaya Twin City B-City 5F) STATION: Koshigaya Station East Exit (1-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-5347-2041 (KOJIMA-SAN)
NIHONGO DE GO! 【 ¥ 100 PER LESSON 】	Biyernes 1:30pm ~ 3:30pm	(1) SAAN: Coop Plaza Koshigaya (ADRES: Minami Koshigaya 5-4-37) (2) SAAN: Minami Koshigaya Community Center – Palette (ADRES: Minami Koshigaya 4-21-1) STATION: Shin Koshigaya Station West Exit (5-6 min. walk) IMPORMASYON: ☎090-5574-7070 (TAKAYAMA-SAN)
LINGUAL KOSHIGAYA 【 LIBRE 】	Sabado 10:00am ~ 12:00noon	SAAN: Central Community Center 4F/5F (ADRES: Koshigaya 4-1-1) STATION: Koshigaya Station East Exit (7-min. walk) IMPORMASYON: ☎080-3478-3314 (SUZUKI-SAN)
TABUNKA KODOMO GAKUSHU JUKU 【 LIBRE 】	Sabado (1st & 3rd) 1:30pm ~ 3:30pm	SAAN: Community Activity Support Center (ADRES: Koshigaya-shi Yayoicho 16-1 Koshigaya twin City B-City 5F) STATION: Koshigaya Station East Exit (1-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-7422-2002 (OGAWA-SAN)
KOSUMO KODOMO KYOSHITSU & KOSUMO NIHONGO SALON SENGENDAI 【 LIBRE 】	Sabado 1:30pm ~ 3:30pm	SAAN: Resona Youth Base (Saitama Resona Sengendai Branch 3F) (ADRES: Koshigaya-shi Sengendai 1-5-17) STATION: Sengendai Station West Exit (3-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-8310-9522 (INCHARGE)

